

Ang Sistema sa Pagpapalago ng Palay

*Paano nakuha ang
world record sa palay
na 448 kaban/ektarya*

SRI Pilipinas

2013

First Edition, May 2013
Creative Commons License 2013 by SRI Pilipinas

Published by:
SRI Pilipinas, Quezon City, Philippines
2013

Copy #_____

Nilalaman

Titulo	p.
Introduksiyon	
1 Bagong <i>world record</i> sa palay <i>harvest</i> , nakuha ng magsasaka sa India	1
2 Paano nakuha ang <i>world record</i> na 448 kaban/ektarya	5
3 Ano ang itsura ng palay na pang- <i>world record</i> ?	13
4 System of Rice Intensification (SRI): Mga prinsipyo	17
5 Ang SRI primer	21
6 Mga gagawin sa bawat yugto ng pagtanim	31
7 Bukod sa mataas na ani, ano pa ang bentahe ng SRI?	33
8 Mga kuwentong SRI	35
9 Gumawa ng kompost	77
10 Ang Korean Natural Farming System (KNFS)	85
11 Bokashi, patabang gawa ng magsasaka	101
12 Huwag hayaang makabuwelo ang damo	103
13 Kontrolin ang kuhol	111
14 Itik, bibe at SRI	113
15 Kung hindi maganda ang resulta ng inyong SRI trial	119
16 Awit ng SRI Pilipinas	122
17 Paano nakuha ng isang “weekend farmer” ang aning 338 kaban kada ektarya	124

**Sa alaala nina
Fr. Henri de Laulanie, S.J.
at Direktor Edwin Acoba
ng Agricultural Training Institute (ATI)**

Introduksiyon

Ilang dekada nang kinakapos ang Pilipinas sa bigas. Kayat noong mabasa namin ang tungkol sa System of Rice Intensification (SRI), na isinalin namin sa pangalang Sistema sa Pagpapalago ng Palay (Sipag-Palay), agad namin itong sinubukan noong 1999.

Nakita namin mismo ang magandang resulta – mas mataas ang ani, menos-gastos, at iwas-lason pa. Kayat sinimulan agad naming himukin lahat ng kakilala naming magsasaka na aralin ang SRI at subukan ito. Noong 2002, nang bumisita dito sa Pilipinas si Prof. Norman T. Uphoff ng Cornell University, itinatag namin ang SRI Pilipinas.

Mahigit sampung taon nang ipinalalaganap ng SRI Pilipinas ang sistemang ito, sa pamamagitan ng SRI Primer, SRI video, at mga trainings. Dahil marami nang naiinip sa paghihintay kung kailan lalabas ang isang libro tungkol sa SRI para sa karaniwang magsasaka at nakasulat sa sarili nating lengguahe, minabuti naming ilabas na ang unang *trial edition* ng librong ito, kahit marami pang puwedeng ayusin dito.

Tulad din ang SRI, ang librong ito ay hindi gawang-tapos kundi “work-in-progress”, umuunlad at patuloy pang gaganda. Kung may ideya o mungkahi kayo kung paano mapagaganda pa ang librong ito para sa mambabasa, huwag kayong mag-atubiling kumontak sa amin. Ngayon pa lang, nagpapasalamat na kami sa lahat ng magpapadala ng suhestyon at puna.

Nagpapasalamat din kami sa lahat ng nagtatrabaho at magtatrabaho pa para lumaganap lalo ang SRI: sa mga opisyal sa gobyerno, propesor sa unibersidad, taong-media at laluna sa mismong mga magsasaka na maagang sumubok sa SRI, at sila

ngayon ang nagsisilbing modelo para tularan ng iba.

Kay Norman Uphoff ng Cornell University sa Ithaca, New York, na walang pagod sa kanyang pagpapalaganap ng interes sa SRI sa hanay ng mga siyentista sa buong mundo.

Kay Noe Ysulat ng Agricultural Training Institute (ATI), sa kanyang walang kupas na dedikasyon sa SRI, kahit retirado na siya sa gobyerno. Gayundin kay Carlos Salazar, retiradong administrador ng National Irrigation Administration (NIA), na nagtaguyod ng SRI sa loob ng NIA sa pangalang Sustainable System of Irrigated Agriculture (SSIA).

Kay Anil Verma, ang miyembro ng international SRI network na nagturo sa mga government technicians na sila namang nagturo sa mga magsasaka sa Nalanda District, Bihar, India. Dahil sa kanilang pagsisikap, wala nang kuwestiyon sa benepisyo ng SRI sa magsasaka. Si Anil ang nagbigay sa amin ng mga litratong nagsasabuhay sa makasaysayang araw na iyon noong Nobyembre 2011, nang kumpirmahin ng mga awtoridad sa agrikultura ng India, na totoong umani si Sumant Kumar ng 448 kaban sa isang ektarya, 406 kaban matapos patuyuin.

Siyempre, sa “Nalanda Five”: kay Sumant Kumar at sa apat pa nyang kasamahang magsasaka, mga tunay na *master farmers*, na tumalo sa *world record* ni Prof. Yuan Long-ping.

Mabuhay kayo!

Roberto Verzola
Coordinator, SRI Pilipinas
Pebrero 12, 2013

[Kung may kilala kayong gustong tumanggap ng libreng babasahin at text lessons sa SRI, sabihing itext nila ang kanilang kumpletong pangalan at adres sa SRI Hotline (0939-117-8999; 0917-811-7747).